Education & Communities
Public Schools NSW

HEAD LICE TREATMENT OPTIONS
INFORMATION FOR PARENTS AND CARERS
FILIPINO

# Mga mapagpipiliang panlunas sa mga kuto

IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG AT TAGAPAG-ALAGA

## May dalawang mapagpipilian sa panlaban ng mga kuto.

1. Mekanikong pagpuksa (pagtanggal sa pamamagitan ng suyod)
2. Kemikal na Pagpuksa

### Ang mekanikong pagtanggal

Ang mekanikong pag-aalis ay ang paglalagay ng karaniwang "hair conditioner" sa tuyong buhok. Pagkatapos mapahiran ang lahat ng mga buhok ng "conditioner", kalasin ang mga gusot na buhok sa pamamagitan ng karaniwang suklay o paghihiwalayin ito nang pangkat. Saka gagamit ng suklay na may pino at mahahabang mga ngipin (metal lice comb) upang suyurin ang mga pangkat ng buhok. Hindi papatayin ng "conditioner" ang mga kuto ngunit matutulig (stuns) sila ng mga 20 minuto para mas madali na silang maalis. Ang suyod ay makakaalis ng mga natulilig na kuto at mga itlog (nits). Punasan ang suklay sa isang puting tisyo at tingnan kung may kuto o itlog na nahulog dito. Ipagpatuloy ang pagsusuyod hanggang wala nang makikitang natatanggal sa tisyo. Ang paraang ito ay dapat gamitin bawat ikalawang araw hanggang wala nang nalalabi (kadalasang mga 7 hanggang 10 araw).

Mas nagugustuhan ang paraang ito sa pagpuksa ng kuto dahil mabisa, hindi nakapagbibigay ng kakayahang panlaban sa mga insektisidyo at mababa lamang ang peligro ng pagkakaroon ng pangangati sa balat.

Ang paraang mekanikal sa pagtanggal ay nakakatulong sa pagpipigil nang pagdami ng kuto sa ulo. Maglagay ng mahusay na suyod sa paliguan para bawat paligo ng mga miyembro ng pamilya ay maaari silang magsuyod. Ito ay nakapagtitiyak na naaalis ang mga kuto bago sila mangitlog ng marami.

Kung may edad na ang mga bata at marunong na silang maghugas ng kanilang buhok, hikayatin silang gamitin ang suyod. O ilagay lang ang suyod sa malapit sa pinaghuhugasan ng buhok at gamitin ito bawat oras na huhugasan ang kanilang mga buhok.

### Pagtanggal sa pamamagitan ng kemikal

Kung pinili ninyong gumamit ng kemikal sa pagtanggal ng kuto, tandaang susundin nang maayos ang mga tagubilin. Huwag ulit gagamitin ang mga kemikal kung hindi ninyo nakikitang mabisa ito. Palitan ito ng may ibang halong mga kemikal o gumamit na lamang ng paraang suklay at "conditioner" Ulitin ang paggagamot ng 7 araw upang mamamatay ang mga bagong itlog. Gagamit parin kayo ng suyod upang matiyak na ang paggagamot ay mabisa. Matagumpay ang inyong paggagamot kung may nakikita kayong nalalaglag na mga patay na kuto. Kung ang nakikita ay mga kutong buhay pa, hindi kayo nagtagumpay sa paggagamot.

Kung wala nang kuto at mga itlog nito ang inyong anak, huwag kalimutang palagiang lagyan ng "conditioner" saka suyurin ang kanilang buhok. Ang maagang pagkakaalam at paglunas ay nakakaiwas ng pagkakahawa sa ibang miyembro ng pamilya at mga kaklase.

### Ano ang gagawin tungkol sa mga gamit sa higaan at damit

Ipinapayo ng mga pananaliksik na ang mga kubre kama, sombrero, kasuutan at muwebles ay hindi pinupugaran ng mga kuto o itlog nito at walang pakinabang sa paghuhugas nito bilang pagpuksa. Ang mga kuto at itlog ay titira lamang sa ulo ng tao. Sila ay kaagad na natutuyo at namamatay kapag naalis sila sa ulo ng tao.

Ang impormasyon ito ay batay sa mga impormasyong nasa website ng NSW Health Nitbusters.